

## ELIHIBILIDAD PARA SA PROGRAMANG FWVP

Basahin ang tsart na ito mula kaliwa hanggang kanan upang malaman kung para kanino ikaw ay karapat-dapat na humiling ng parole. Ang Hanay 1 ay tumutukoy sa kung sino ka - Pilipinong beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, naiwang asawa ng beterano, o anak o kapatid ng beterano. Ang Hanay 2 ay tumutukoy sa nagpepetisyon na nag-file ng Porma I-130 na inaprubahan ng USCIS. Ikaw ay hindi maaaring humiling ng parole nang wala ang inaprubahang Porma I-130. Ang Hanay 3 ay tumutukoy sa kung para kanino ikaw ay maaaring humiling ng parole, batay sa kung sino ka at kung sino ang nag-file ng inaprubahang Porma I-130

Sino ka?	Sino ang nag-file ng Porma I-130, <i>Petisyon para sa Dayuhang Kamag-anak</i> , na inaprubahan ng USCIS?	Para Kanino Ikaw Ay Maaaring Humiling Ng Parole Sa Ilalim Ng Programang FWVP?
Isang Pilipinong Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (WWII) kung saan ang serbisyong pangmilitar ay kinilala ng Kagawaran ng Depensa	Ikaw, ang Filipinong beterano ng WWII	<p>Ang sinuman sa mga benepisyaryo ng iyong inaprubahang Porma I-130, <i>Petisyon para sa Dayuhang Kamag-anak</i>, hangga't ang iyong kaugayan sa kanila ay umiral noong o bago ang ika-9 ng Mayo 2016.</p> <p>Ito ay maaaring kabilangan ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Iyong mga anak at kanilang mga asawa, at kanilang mga anak na hindi kasal na mas bata pa sa 21 taong gulang; at</li> <li>• Iyong mga kapatid at kanilang mga asawa, at kanilang mga anak na hindi kasal na mas bata pa sa 21 taong gulang.</li> </ul>

## ELIHIBILIDAD PARA SA PROGRAMANG FWVP

Sino ka?	Sino ang nag-file ng Porma I-130, <i>Petisyon para sa Dayuhang Kamag-anak</i> , na inaprubahan ng USCIS?	Para Kanino Ikaw Ay Maaaring Humiling Ng Parole Sa Ilalim Ng Programang FWVP?
Ang naiwang asawa ng isang Pilipinong beterano ng WWII kung saan ang serbisyong pangmilitar ay kinilala ng Kagawaran ng Depensa	Iyong asawa, ang Pilipinong beterano ng WWII, na ngayo'y pumanaw na	<p>Ang sinuman sa mga benepisyaryo ng Porma I-130 ng iyong beteranong asawa, hangga't ang:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Iyong nagpapakarapat-dapat na ugnayan sa kanila ay umiral noong o bago ang ika-9 May, 2016; <i>at</i></li> <li>2. Porma I-130 na inaprubahan ng USCIS bago pumanaw ang iyong asawa at pagkatapos ay muling ibinalik ang pag-aapruba sa ilalim ng INA 204(I) o 8 CFR 205.1(a)(3)(i)(C)(2); o Ang Porma I-130 ay hindi naaprubahan bago ang pagpanaw ng iyong asawa, ngunit kahit isang benepisyaryo ay naninirahan sa Estados Unidos sa panahon ng pagpanaw ng nagpepetisyon at naninirahan pa rin sa Estados Unidos, at inaprubahan ng USCIS ang Porma I-130 sa ilalim INA 204(I).</li> </ol> <p>Ito ay maaaring kabilangan ng:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>3. Mga anak ng beterano at kanilang mga asawa, at kanilang mga anak na hindi kasal na mas bata pa sa 21 taong gulang; at</li> <li>4. Mga kapatid ng beterano at kanilang mga asawa, at kanilang mga anak na hindi kasal na mas bata pa sa 21 taong gulang.</li> </ol>
	Ikaw, ang naiwang asawa ng beterano	<p>Mga tiyak na benepisyaryo ng iyong inaprubahang Porma I-130, hangga't:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Sila rin ay mga anak ng iyong beteranong asawa (kabilang ang kanilang mga asawa, at kanilang mga anak na hindi kasal na mas bata pa sa edad na 21); <i>at</i></li> <li>2. Iyong nagpapakarapat-dapat, ligal na ugnayan sa kanila ay umiral noong o bago ang ika-9 May, 2016.</li> </ol> <p>Ang mga sumusunod na benepisyaryo ng Porma I-130 ay <u>hindi karapat-dapat</u> para sa Programang FWVP:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Iyong mga anak na hindi rin mga anak ng iyong beteranong esposo; at</li> <li>• Iyong mga kapatid, at kanilang mga asawa.</li> </ul>

## ELIHIBILIDAD PARA SA PROGRAMANG FWVP

Sino ka?	Sino ang nag-file ng Porma I-130, <i>Petisyon para sa Dayuhang Kamag-anak</i> , na inaprubahan ng USCIS?	Para Kanino Ikaw Ay Maaaring Humiling Ng Parole Sa Ilalim Ng Programang FWVP?
<p>Ang anak o kapatid ng pumanaw nang Pilipinong beterano ng WWII kung saan ang serbisyong pangmilitar ay kinilala ng Kagawaran ng Depensa, at ang asawa ng beterano ay pumanaw na rin</p>	<p>Ang Pilipinong beterano ng WWII o asawa ng beterano na ngayon ay pareho nang pumanaw</p>	<p>Ikaw ay karapat-dapat na mag-aplay sa Programang FWVP sa ngalan mo at anumang nagpapakarapat-dapat na mga deribatibo hangga't:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang porma I-130 na inaprubahan ng USCIS kung saan ikaw ay nakalista bilang isang benepisyaryo bago pumanaw ang nagpetisyon at pagkatapos ay muling ibinalik ang pag-aaprubang sa ilalim ng INA 204(I) o 8 CFR 205.1(a)(3)(i)(C)(2); o</li> <li>2. Ang Porma I-130 ay hindi naaprubahan bago ang pagpanaw ng nagpetisyon, ngunit kahit isang benepisyaryo ay naninirahan sa Estados Unidos sa panahon ng pagpanaw ng nagpepetisyon at naninirahan pa rin sa Estados Unidos, at inaprubahan ng USCIS ang Porma I-130 sa ilalim INA 204(I).</li> </ol> <p style="text-align: center;">AT</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Iyong nagpapakarapat-dapat na ugnayan sa Pilipinong beterano ng WWII ay umiral noong o bago ang ika-9 May, 2016; at</li> <li>2. Ang beterano ay naninirahan sa Estados Unidos sa panahon ng kaniyang pagpanaw.</li> </ol> <p>Ikaw ay <u>hindi karapat-dapat</u> na mag-aplay sa ngalan mo kung:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Inaprubahan ng USCIS ang Porma I-130 bago ang pagpanaw ng nagpetisyon ngunit hindi muling ibinalik ang pag-aprubang; o</li> <li>• Ang Porma I-130 ay hindi naaprubahan bago ang pagpanaw ng nagpetisyon, at hindi naaprubahan sa ilalim ng INA 204(I); o</li> <li>• Ang nagpepetisyon ng Porma I-130 ay nabubuhay pa. (Sa kasong ito, ang nagpepetisyon ay dapat na mag-apply para sa Programang FWVP sa ngalan mo).</li> </ul> <p>Ikaw ay hindi karapat-dapat para sa Programang FWVP kung:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• Ikaw ay anak ng asawa ng beterano ngunit hindi anak ng beterano; o</li> <li>• Ikaw ay kapatid ng asawa ng beterano.</li> </ul>